Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 27 NG DISYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ........................................ | Pang. Punong Bayan Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr | | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ........................................ | Kagawad |

DI-DUMALO

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 390-T'2000*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KANYANG KAMAHALAN, KGG. JOSEPH EJERCITO ESTRADA, PANGULO NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG SAMPUNG MILYONG PISO (P10,000,000.00) PARA SA PAGPAPAUNLAD AT PAGSASAAYOS NG LUPANG INILAAN SA MURANG PAGPAPABAHAY NG PAMAHALAANG BAYAN.*

*SAPAGKA'T,* may lupang inilaan ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na matatagpuan sa Barangay Bubukal at Bagumbayan, sa bayang ito upang magamit sa programang murang pagpapabahay;

*SAPAGKA'T,* nangangailangan ng karagdagang pondo ang pamahalaang bayan upang lubos na maisaalang-alang ang nasabing programa;

*SAPAGKA'T,* sa pamamagitan ng inyong pagtulong at pagsuporta sa programang ito ay makakamit ng bayang ito ang hinahangad na pagsulong at pag-unlad;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kanyang Kamahalan, Kgg. Joseph Ejercito Estrada, Pangulo ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P10,000,000.00 para sa pagpapaunlad at pagsasaayos ng lupang inilaan sa murang pagpapabahay ng pamahalaang bayan.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Joseph Ejercito Estrada, Pangulo ng Bansa, Malacañang, Maynila; at Kgg. Punong Bayan, bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HSCiriaco
HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan